ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# INTERES SA PAGKATUTO AT METAKOGNITIBONG KAMALAYAN SA KASANAYANG KOMUNIKATIBO NG MGA MAG-AARAL SA MAYORYANG FILIPINO

**Stephen M. Gornez [1], Elealeh S. Timosa, MAED [2]**

[1]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

[2]*Instructor, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19796**
**DOI No: 10.36713/epra19796**

## ABSTRACT

*Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang interes sa pagkatuto at metakognitibong kamalayan sa kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST). Ginamit sa pag-aaral na ito ang disenyo ng regression analysis gamit ang teknikong korelasyon. Ang mga respondent sa pag-aaral na ito ay 117 mag-aaral na mula sa unang taon sa ilalim ng Taong Panuruan 2023-2024, unang semestre. Ang mga istatistikal na paggamot sa data na ginamit ay ang mean upang matukoy ang antas ng interes sa pagkatuto; ang antas ng metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral at ang iba pa ay ang antas ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ginamit din nito ang Pearson product moment correlation upang sukatin ang kaugnayan sa pagitan ng interes sa pagkatuto at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral; metakognitibong kamalayab ng mga mag-aaral at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ipinakita ng mga natuklasan na ang pangkalahatang antas ng interes sa pagkatuo ng mga mag-aaral ay karaniwang mataas na antas na nangangahulugang madalas itong ipinapakita ng mga mag-aaral, habang ang pangkalahatang antas ng metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral ay nasa mataas din na antas ng pagganap na nangangahulugang madalas din itong ipinapakita at gayundin ang pangkalahatang antas ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral ay karaniwang nasa mataas na antas ng pagganap na nangangahulugang madalas din itong ipinapakita. Sa kabilang banda, ipinakita ng resulta na ang parehong interes sa pagkatuto at metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral ay may mataas na makabuluhang ugnayan sa kasanayang komunikatibo na nagpapahiwatig na ang interes sa pagkatuto ay maaaring makaapekto sa kasanayang komunikatibo, kapag interesado ang isang mag-aaral, mas motivated siyang matuto nang malalim at masusing pag-aralan ang mga konsepto.*

**KEYWORDS**: *interes sa pagkatuto, metakognitibong kamalayan, kasanayang komunikatibo*

## INTRODUCTION

Sa panahon ngayon, napakahalaga ng mahusay na pakikipag-usap, ngunit maraming estudyante ang nahihirapan dito. Dahil limitado ang kanilang pagkakataong magsanay sa totoong buhay, nahihirapan silang tiwala sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya. Ito ay maaaring magdulot ng pagkabalisa at pag-aalala kapag sila ay nagsasalita sa harap ng maraming tao o nakikipagtalakayan sa grupo, na maaaring makaapekto sa kanilang pag-aaral at personal na paglago (Rahman & Kaniadewi, 2023).

Sa Bangladesh, lalo na sa Dhaka, mas gusto ng mga estudyante at guro na gumamit ng kanilang sariling wika, kahit sa paaralan. Kahit mas madali itong intindihin, nakakasama ito sa pag-aaral ng Ingles. Kapag lagi silang nagsasalita ng kanilang sariling wika, hindi sila masyadong nagsasanay ng Ingles. Kaya nahihirapan silang magsalita at umintindi ng Ingles nang maayos (Ibna Seraj et al. 2021).

Sa Pilipinas, partikular sa Baguio City nahaharap sa mga hamon tulad ng limitadong bokabularyo, komplikasyon ng mga panlapi, at kakulangan sa pagsasanay. Ang mga salik na ito ay nakakaapekto sa kakayahan ng mga taga-lungsod na magpahayag nang malinaw at lohikal sa wikang kaya naging mga estudyant na kinakaharap (Valdez (2019).

Dahil dito, mahala na mapanatili ang interes ng mag-aaral sa iba't ibang apesto ng pagkatuto dahil nakasalalay dito ang kanilang sariling kaalaman na matutuhan. Dagdag pa rito, mahalaga na patuloy na mapaunlad ng mag-aaral ang kanilang metakognitibong kamalayan makakatulong ito para maging malawak ang kanilang pag-iisip magiging tulay ito mahasa nila ang kanilang kasanayan sa komunikasyon sa ibat' ibang aspeto sa buhay. Sa kontekstong ito nais na malaman ng mananaliksik ang kaugnayan ng interes sa pagkatuto, metakognitibong kamalayan at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa kadahilanang ito ay magiging basihan sa susunod na mananaliksik.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Samantala, may mga kaugnay na pag-aaral patungkol sa interes sa pagkatuto at metakognitibong kamalayan sa kasanayang komunikatibo ng mga estudyante at wala pang pananaliksik na isinagawa sa lokal na kolehiyo ng Kapalong. Gayunpaman, ang pananaliksik ay nakatutok sa interes ng mag-aaral sa pagkatuto at mobatibasyon sa pagkatuto tulad na lamang ng pag-aaral nina Herpratiwi & Tohir, A. (2022) na may pamagat *"Learning interest and discipline on learning motivation. International Journal of Education in Mathematics, Science, and Technology"* at pag-aaral ni Torres, M. N. (2018) na may may pamagat na *Kakayahang komunikatibo susi sa tagumpay sa pananaliksik Isang kuwalitatibong pag-aaral sa mga piling mag-aaral sa senior hayskul baitang ika-12* at wala pang pag-aaral na isinagawa sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology* na tumututok sa kanilang interes sa pagkatuto at kaalaman sa paggamit ng wikang Filipino para sa kakayahan pangkomunikatibo.

Sa wakas, mapapahusay ng pag-aaral na ito ang akademikong panitikan sa loob at labas ng institusyon sa pamamagitan ng pagpapakalat ng mga natuklasan nito sa mga kumperensiya at ahensya ng pananaliksik, na nagtataguyod ng interaksyong pang-iskolar at ang aplikasyon ng mga pananaw sa pananaliksik. Dahil dito, makikilala ng mas malawak na komunidad ang kahalagahan nito, na hahantong sa pagbuo ng mga aksyon at solusyon para sa mga tinalakay na isyu, at sa pagpapatupad ng mga rekomendasyong ibinigay.

**Research Objectives**

Ang pananaliksik ito ay naglalayon magbigyang tuon ang kahalagahan ng pagkakaroon ng Interes sa Pagkatuto at Metakognitibong kamalayan bilang predictor sa kasanayang Kasanayang komunikatibo ng mag-aaral sa Mayoryang Filipino sa *Kapalong College of Agriculture Science and Technology.*

Sa katiyakan, nilalayon ng mananaliksik na matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Para malaman ang lebel o antas ng Interes sa pagkatuto batay sa:
    1.1 pag-uugali; at
    1.2 motibasyon.
2. Para malamanan ang Metakognitibong Kamalayan
    2.1 Kaalaman ng katalusan sa tiyaga sa pagsisikap
    2.2 regulasyon ng katalusan sa tiyaga sa pagsisikap;
    2.3 kaalaman ng katalusan ng kapanalitihan ng interes; at
    2.4 regulasyon ng katalusan ng kapanalitihan ng interest.
3. Para. malaman ang Kakayahang Komunikatibo
    3.1 Pagpapakahulgan sa pagkatuto sa wika
    3.2 kakayahang linggwistika;
    3.3 kakayahang sosyolinggwistika;
    3.4 kakayahang pandiskurso; at
    3.5 kakayahang estratehiya.
4. Upang matiyak ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng:
    4.1 Intere sa pagkatuto at kasanayang komunikatibo; at
    4.2 metakognitibong kamalayan at kasanayang komunikatibo.
5. Upang matukoy kung alin domain ng interes sa pagkatuto at metakognitibong kamalayan ang maaring makaimpluwensiya sa kasanayang komunikatibo sa estudyante sa mayoryang Filipino.

**Research Hypothesis**

Ang haypotesis ng pananaliksik ay sinubuk sa 0.50 antas na kahalagahan na nagsasad na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Interest sa pagkatuto at metakognitibong kamalayan. Ang kasanayang komunikatibo ng mga estudyante at interest sa pagkatuto ay walang ugnayan sa isa't isa. Ang kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral at metakognitibong kamalayan ay walang ugnayan sa isa't isa.

## RESEARCH METHODOLOGY

Nakapaloob sa kabanatang ito ang mga hakbang, disenyo, lokasyon ng pag-aaral, populasyon, sampling, instrument ng pananaliksik, hakbang sa paglikom ng datos, estadika at etikal na pagsasaalang-alang sa isinagawang pananaliksik.

**Research Design**

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng kwantitatibo at ito ay sa paraang descriptive na Teknik para matukoy ang Impluwensya ng interes sa pagkatuto at kaalaman sa wikang Filipino sa kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa unang taon ng BSED Filipino ng KCAST. Ginagamitan ang paraang ito sa pagkalkula at pagsusuri sa mga baryabol upang makuha ang sapat na mga resulta. Ang descriptive quantitative na pananaliksik ay ang pagkolekta at pagsusuri ng mga numerical na datos, desinyo, prediksyon, at pagpagtukoy sa sanhi at epekto (Bhandari, 2020).

**Population and Sample**

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral sa unang taon ng Batsilyar ng Sekundaryang Edukasyon sa Mayoryang Filipino ng *Kapalong College of Agriculture, Science and Technology* sa taong panuruan 2023-2024. Gamit ang *Stratified Random Sampling using Proportional Allocation*, ipinapakita sa ibaba ang populasyon, sampol at porsyento ng mga mag-aaral na magiging bahagi ng pananaliksik. Ipipresenta ang talahanayan sa ibaba ang magiging bilang ng mga tagatugon kung saan piling mag-aaral lamang sa bawat seksyon ang magiging tagatugon sa isasagawang sarbey.

**Research Instrument**

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral sa unang taon ng Batsilyar ng Sekundaryang Edukasyon sa Mayoryang Filipino ng *Kapalong College of Agriculture, Science and Technology* sa taong panuruan 2023-2024. Gamit ang *Stratified Random Sampling using Proportional Allocation*, ipinapakita sa ibaba ang populasyon, sampol at porsyento ng mga mag-aaral na magiging bahagi ng pananaliksik. Ipipresenta ang talahanayan sa ibaba ang magiging bilang ng mga tagatugon kung saan piling mag-aaral lamang sa bawat seksyon ang magiging tagatugon sa isasagawang sarbey.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Data Collection**

The following steps will be done to collect the data for this study.

**Hakbang sa Paglikom ng Datos.** Sa paglikom ng mga resulta, iniayon ito sa sumusunod na mga pamamaraan para masigurong maprotektahan ang mga karapatang ng bawat indibidwal na lumahok sa isinagawang pananaliksik na ito. Nakasaad din ang proseso ng pagkuha ng impormasyon at datos na maibigay ng kasagutan sa mga katanungan na nilalayon ng pananaliksik.

**Paggawa ng liham pahintulot.** Ang mananaliksik ay gumawa ng liham sa Bise-Presidente ng Academic Affair ng Kapalong College of Agriculture Science and Technology para mabigyan ng pahintulot na magsasagawa ng pananaliksik.

**Pagsumiti ng mga talatanungan.** Ang hinangong mga talatanungan ay isinumite ng mananaliksik sa kanyang tagapayo para sa karagdagang pagsusuri. Pagkatapos, isinangguni ito sa lupon ng tagasuri para matiyak ang kaangkupan ng bawat aytem sa isinagawang pag-aaral.

**Pamamahagi at koleksyon ng Palatanungan.** Direktang ibinigay ang mga instrumento sa pananaliksik sa mga respondente sa pamamagitan ng *face-to-face* survey na may pahintulot, at ang pag-aaral ay isinagawa mismo ng mananaliksik.

**Koleksyon at Tabulasyon ng mga Datos.** Sa pagkakataong ito, ang instrument ng pananaliksik ay kinuha at itinala ang mga datos. Pagkatapos ay ibibigay ito sa *statistician* upang makuha ang resulta ng palatanungan.

**Statistical Treatment of Data**

**Mean.** Ginamit ang paraang ito upang matukoy ang average o central tendency ng isang koleksyon ng mga punto ng data. Ito ay ginamit upang matukoy ang antas interes sa pagkatuto, metakognitibong kamalyan, at kasanayang komunikatibo ng mag-aaral sa mga respondente.

**Pearson-R.** Tinatasa ng istatistikal na panukalang ito ang parehong lakas at direksyon ng linear na ugnayan sa pagitan tatlong baryabol. Ginamit ito upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng interes sa pagkatuto at kasanayang komunikatibo ng mag-aaral gayundin ang metakognitibong kamalayan at kasanayang komunikatibo ng mag-aaral ng mga respondente.

**Regression Analysis.** Ito ay isang tool sa istatistika na tumutulong sa pagkilala at pagsukat ng mga ugnayan sa pagitan ng mga baryabol, na nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na maunawaan ang partikular na domain o konteksto kung saan naroroon ang mga asosasyong ito at gumawa ng mga pagtataya batay sa mga ito. Ito ay ginamit upang matukoy ang interes sa pagkatuto at metakognitibong kamalayan sa kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral.

## RESULTS AND DISCUSSION

**Talahanayan 2**
**Lebel Sa Interes Sa Pagkatuto Batay Sa Pag-uugali**

| Pag-uugali | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. nagkakaroon ng postibong pag-uugali sa pagkatuto sa asignaturang Filipino. | 4.46 | Napakataas |
| 2. nag-aaral ng mabuti sa asignaturang Filipino. | 4.41 | Napakataas |
| 3. nagbibigay ng sapat na oras upang maunawaan at matutunan ang asignaturang Filipino. | 4.12 | Mataas |
| 4. 4. gumagawa ng paraan upang lubos na maintindihan ang mga aralin sa asignaturang Filipino. | 4.31 | Napakataas |
| 5. 5. nagpapakita ng determinasyon sa pag- unawa sa bawat araling nakapaloob asignaturang Filipino. | 4.41 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.36** | **Napakataas** |

**Talahanayan 3**
**Lebel o Antas Ng Interes Sa Pagkatuto Batay Sa Motibasyon**

| Motibasyon | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. nagiging interesado sa pagkatuto sa asignaturang Filipino kung nakakakuha ng mataas na marka mula sa mga naunang gawain at aktibiti | 4.46 | Napakataas |
| 2. nagkakaroon ng motibasyon sa pag-aaral sa asignaturang Filipino kung ako ay nakakatanggap ng positibong fidbak mula sa aking guro | 4.41 | Napakataas |
| 3. nagsusumikap na maunawaan ang asignaturang Filipino upang magkaroon ng kaalaman na makakatulong sa pagpapaunlad sa aking sarili. | 4.46 | Napakataas |
| 4. aktibong sumasagot sa mga gawain at aktibiti sa asignaturang Filipino dahil alam kong makakakuha rin ako ng mataas na marka kung pagsisikapan ko ito. | 4.12 | Mataas |
| 5. may pagkukusa sa pagkatuto sa asignaturang Filipino dahil alam kong magagamit ko rin ang mga kaalaman ko rito sa hinaharap. | 4.31 | Mataas |
| **KABOUAN** | **4.35** | **Napakataas** |

***Talahanayan 4***
***Kabuohan ng Lebel o Antas Ng Interes Sa Pagkatuto***

| Indekeytor | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| Pag-uugali | 4.36 | Pinakamataas |
| Motibasyon | 4.35 | Pinakamataas |
| **Kabuoan** | 4.36 | **Pinakamataas** |

**Lebel ng interes sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino.** Nagpakita ang mga respondente ng mataas na lebel sa interes sa pagkatuto, pag-uugali, at motibasyon. **Ito ay nagpapahiwatig na madalas nilang ipinakikita** isang makapangyarihang puwersa na nagbibigay gana sa indibidwal na tuklasin kanilang mga hilig at kagustuhan (Wijoyo, 2021).

Kaayon kay Jovanović et al., (2021) ang pag-uugali sa pag-aaral ay isang kritikal na tagapagpahiwatig ng tagumpay ng isang estudyante at may malaking papel sa kanilang pangkalahatang karanasan sa edukasyon.

Nagkakasundo kay (Rusip & Boy, 2020) Sa paglinang ng interes at motibasyon ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Kapag ang mga estudyante ay mayroong mataas na lebel ng interes at motibasyon, malamang sila ay maging aktibong kalahok sa kanilang sariling pag-aaral, na nagreresulta sa mas mahusay na mga resulta sa akademiko pagkatuto. Tulad sa sinusuportahan nina (Taufiq et al., 2021) at (Howard et al. 2021).

Ayon sa pag-aaral na ito ipinakita na ang mahalaga ang interes sa pagkatuto para sa kanilang pagkatuto. Awalluddin (2021) ang pagkahilig ng sa isang bagay na binubuo ng mga damdamin ng kasiyahan, atensyon, katapatan, pagkakaroon ng mga motibo at layunin sa pagkamit ng isang layunin", sa madaling salita sa interes ay may pagnanasa, katapatan, at pakiramdam ng kasiyahan upang makamit ang isang bagay na naging pinupuntirya ng isang indibidwal.

Panghuli, mataas ang pag-uugali ng mag-aaral, na nagpapakita ng Hwang et al., (2021) Ang mga gawi at asal ng estudyante sa pag-aaral—tulad ng aktibong pakikilahok sa klase, pagtutok sa mga gawain, at pagsisikap na mag-aral ng mas mabuti ay nag-uugnay sa kanilang kakayahan na matuto nang epektibo.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 5*
*Antas Ng Metakognitibong Kamalayan ayon Sa Kaalaman ng katalusan sa tiyaga sa pagsisikap*

| Kaalaman ng katalusan sa tiyaga sa pagsisikap | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. mahusay sa paghusga kung gaano ako ka sigasig sa pag-aaral ng Filipino. | 3.82 | Mataas |
| 2. mayroon akong kotrol sa aking pag-aaral sa Filipino. | 4.00 | Mataas |
| 3. gumagamit ako ng mga paraan na nagawa ko sa nakaraan upang matulungan akong mapanatili ang tiyaga sa pag-aaral ng Filipino. | 4.09 | Mataas |
| 4. gumamit ako ng mga kapaki- pakinabang na estratehiya upang mapanatili ang tiyaga sa Filipino. | 4.09 | Mataas |
| 5. gumagamit ng mga hakbang para hindi mawala ang akin interes sa pagkatuto sa Filipino. | 4.16 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.03** | **Mataas** |

*Talahanayan 6*
*Antas Ng Metakognitibong Kamalayan ayon Sa Regulasyon ng katalusan sa tiyaga sa pagsisikap*

| Regulasyon ng katalusan sa tiyaga sa pagsisikap | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. sa pag-iisip tungkol sa kung ano talaga ang kailangan kong gawin ay nakakatulong sa akin na magpatuloy sa pag-aaral ng Filipino. | 4.33 | Napakataas |
| 2. sa patuloy na pag-aaral ng bagong impormasyon ay tumutulong sa akin na magpatuloy magp sa pag-aaral ng Filipino. | 4.25 | Mataas |
| 3. ang paghahati-hati sa pag-aaral sa mas maliliit na hakbang ay nakakatulong sa akin na magpatuloy sa pag-aaral ng Filipino. | 4.14 | Mataas |
| 4. muli kung sinusuri ang mga estratehiya ng pagsisikap kapag malapit na akong sumuko. | 4.14 | Mataas |
| 5. humihingi ako ng payo sa iba kung paano magpatuloy sa pag-aaral ng Filipino. | 4.15 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.20** | **Mataas** |

*Talahanayan 7*
*Antas Ng Metakognitibong Kamalayan ayon Sa Kaalaman ng katalusan ng kapanatilihan sa interes*

| Kaalaman ng katalusan ng kapanalitihan ng interes | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. gumagamit ako ng mga paraan na gumana sa nakaraan upang matulungan akong mapanatili ang aking interes sa pag-aaral ng Filipino. | 4.23 | Mataas |
| 2. gumagamit ako ng mga estratehiya upang mapanatili ang aking interes sa pag-aaral ng Filipino. | 4.16 | Mataas |
| 3. hinihikayat ko ang aking sarili na panatilihin ang interes sa pag- aaral ng Filipino kapag kailangan ko. | 4.31 | Napakataas |
| 4. gagamitin ng iba't ibang paraan para mapanatili ang interes ko sa patuloy na matuto ng Filipino. | 4.21 | Mataas |
| 5. gumagawa ako ng hakbang para mapanatili ang interes sa pagkatuto ng Filipino. | 4.33 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.25** | **Mataas** |

*Talahanayan 8*
*Antas Ng Metakognitibong Kamalayan ayon Sa Regulasyon ng katalusan ng kapanalitihan ng interes*

| Regulasyon ng katalusan ng kapanalitihan ng interes | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. nagtatakda ng mga tiyak na layunin ay tulungan akong mapanatili ang patuloy na interes sa pagkatuto ng Filipino. | 4.24 | Mataas |
| 2. iniisip ko kung ano talaga ang kailangan kong gawin para matulungan akong mapanatili ang aking interes sa pag-aaral ng Filipino. | 4.32 | Napakataas |
| 3. sinusuri ko ang pagiging kapaki-pakinabang ng mga estratehiya na tumutulong sa akin na mapanatili ang aking interes sa pag-aaral ng Filipino | 4.15 | Mataas |
| 4. ang paghahati-hati sa mas maliliit na nakakatulong hakbang sa akin ay na mapanatili ang patuloy na interes sa pag-aaral ng Filipino. | 4.14 | Mataas |
| 5. sinusuri ko kung nagagamit ko ba ng maaayos ang mga estratehiya kung ito ba ay nakakatulong sa pagkatuto sa akin sa Filipino. | 4.21 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.25** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 9*
*Kabuohan ng Antas Ng Metakognitibong Kamalayan*

| Indekeytors | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| Kaalaman ng katalusan sa tiyaga sa pagsisikap | 4.03 | Mataas |
| regulasyon ng katalusan sa tiyaga sa pagsisikap | 4.20 | Mataas |
| kaalaman ng katalusan ng kapanalitihan ng interes | 4.25 | Mataas |
| regulasyon ng katalusan ng kapanalitihan ng interest | 4.21 | Mataas |
| **Kabouan** | **4.17** | Mataas |

Lebel ng metakogntibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino. Sa pangkalahatan, mataas ang antas ng metakogitibong kamalayan ng mga respondente, gaya ng ipinapakita ng kanilang mga rating. Ang mga mag-aaral na pinapalakas ang kanilang metakognitbong kamalayan ay may malaking ambag para sa kanilang pagkatuto.

Kaayon kay Stanton et al., (2021), nagbigay-diin na ang metakognisyon sa pagkatuto tumotukoy sa kamalayan at pagninilay sa sariling kaalaman, karanasan, at emosyon, na tumutulong sa mga estudyante na maintindihan ang sariling proseso ng pagkatuto. Bulut (2021) ay itinuturing na mahalagang salik na dapat pagtuunan ng pansin, partikular na ang epekto ng metacognitive na kamalayan sa tagumpay sa pagkatuto sa partikular na paksa.

Ayon sa pag-aaral ni Tanaka et al., (2021) Kapag ang estudyante ay patuloy nagpapakita ng pagtitiyaga at aktibong pakikilahok ay may positibo itong kinalabasan sa kanilang akademikong pagganap. Alhamad et al., (2021), Ang ganitong uri ng pag-uugali ay nagbibigay sa isang indibidwal pagbutihin ang kaniyang ginagawa ito ay isang upportunidad na umunlad sa isang bagay

Tulad sa pag-aaral ni (Ismayanti, 2022), Ang bawat mag-aaral na may kakayahan na intindihin ang kanilang sariling ugali, emosyon at pag-iisip ay nakakatulog sa kanilang upang makagawa ng isang mahusay na desisyon. Fadilah & Rafsanjani (2021) Kamalayang ito nag-uudyok sa kanila na bumuo ng layunin at plano upang makamit ito.

Panghuli, ayon kay (Sipi 2020), natuklasan sa mag-aaral na may "*growth mindset*" o pananaw sa kanilang intelektwal na kakayahan ay maaaring mapabuti ay mas nagsusumikap at determinado sa pag-abot ng mga mahihirap na layunin. Alan et al. (2019), ang indibidwal na may mataas na intrinsic na uri ng motibasyon ay masaya ito sa kaniyang ginagawa dahil dito ganado ito na gawin ang mga bagay na ayon sa kaniyang kagustohan na hindi labag sa kaniyang kalooban.

**Talahanayan 10**
**Antas Ng Kakayahang Komunikatibo Antas ng Pagpapakahulugan sa Pagkatuto ng Wika**

| Antas ng Pagpapakahulugan sa Pagkatuto ng Wika | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. nag-aaral ako ng Filipino upang magamit sa Pakikipagtalastasan. | 4.26 | Napakataas |
| 2. nag-aaral ako ng Filipino upang makapagbasa ako ng mga panitikan na nakasulat sa target na wika. | 4.33 | Napakataas |
| 3. ang tunguhin ko sa pagkatuto ng Wikang Filipino ay upang magamit ko sa pakikipagtalastasan sa mga pagtitipon. | 4.16 | Mataas |
| 4. ang pinakatunguhin ko sa pag-aaral ng Filipino ay ang mga mag-aaral na gaya ko ay matulong makipagtalastasan tulad na lang sa pagkatuto kung paano mag-isip. | 4.24 | Mataas |
| 5. ang inaasahang kinakalabasan ng aking pagkatuto sa wikang Filipino ay ang kakayahang magbasa at umunawa ng mga tekstong makasulat sa Filipino | 4.26 | Napakataas |
| **KABOUAN** | **4.25** | **Napakataas** |

**Talahanayan 11**
**Antas Ng Kakayahang Komunikatibo Antas ng Kasanayang Linggwistika**

| Kasanayang Linggwistika | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. nagagawa kong tukuyin ang mga patinig at mga diptonggo tunog na binibigkas ng mga taal na Tagalog. | 4.13 | Mataas |
| 2. nabibigkas ko nang wasto ang mga patinig at diptonggo sa Filipino. | 4.14 | Mataas |
| 3. nagagawa kung kilalanin ang mga tunog katinig na binibigkas ng mga tanong mananagalog. | 4.06 | Mataas |
| 4. Nabibigkita ko nang wasto ang mga katinig sa Filipino. | 4.06 | Mataas |
| 5. Naggingkop nagkain ang mga pangungusap sa Filipino nang may na din at intonasyon. | 4.11 | Mataas |
| **KABOUAN** | **4.10** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 12*
*Antas Ng Kakayahang Komunikatibo Antas ng Kakayahang sosyolingguwistiko*

| Kakayahang sosyolingguwistiko | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. nagagamit ko ang aking kaalaman sa Filipino sa komunikatibong pagsasalaysay. | 4.30 | Napakataas |
| 2. nagagamit ko ang aking kaalaman sa Filipino sa komunikatibong paglalarawan. | 4.26 | Napakataas |
| 3. nagamit ko ang aking kaalaman sa Filipino sa komunikatibong paghihikayat. | 4.19 | Mataas |
| 4. nigagamit ko ang aking kaalaman sa Filipino sa komunikatibong pagpapasalamat. | 4.21 | Napakataas |
| 5. nagagamit ko ang aking kaalaman sa Filipino sa komunikatibong paghingi ng tawad. | 4.24 | Napakataas |
| **KABOUAN** | **4.24** | **Napakataas** |

*Talahanayan 13*
*Antas Ng Kakayahang Komunikatibo Antas ng Kasanayang Pandiskurso*

| Kasanayang Pandiskurso | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. nagagawa kong pagsanibin ang mga pormat at kahulugan pang makuha ang nilalaman ng teksto ng iba't ibang genre ng paglalahad. | 4.00 | Mataas |
| 2. nagagawa kong pagsanibin ang mga pormat at kahulugan pang makuha ang nilalaman ng teksto ng iba't ibang genre ng paglalahad. | 3.94 | Mataas |
| 3. nagagawa kong pagsanibin ang mga pormat at kahulugan upang makuha ang nilalaman ng teksto ng iba't ibang genre ng deskripsyon o paglalarawan. | 3.96 | Mataas |
| 4. nagagawa kong pagsanibin ang mga pormat at kahulugan upang makuha ang nilalaman ng teksto ng iba't ibang genre ng pag-uulat. | 3.97 | Mataas |
| 5. nagagawa kong pagsanibin ang mga pormat at kahulugan upang makuha ang nilalaman ng teksto ng iba't ibang genre ng pagbabalita. | 4.01 | Mataas |
| **KABOUAN** | **3.98** | **Mataas** |

*Talahanayan 14*
*Antas Ng Kakayahang Komunikatibo Antas ng Kasanayang Estratehiya*

| Kasanayang Estratehiya | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. nagagamit ko ang angkop na nilalaman ng lenggwahe gaya ng langguage functions, Ekspresyon sa wikang Filipino nang may kalinawan, organizado at may tamang pagkasunod-sunod. | 4.19 | Mataas |
| 2. nagagamit ko ang angkop na nilalaman ng lenggwahe gaya ng langguage functions, Ekspresyon sa wikang Filipino nang may kalinawan at naaayon sa genre ng mga sitwasyon sa pakikipagtalastasan. | 4.03 | Mataas |
| 3. nakakapili ako ng angkop na nilalaman at bibigkasin ito gamit ang angkop na tono ng boses, mensahe ng katawan at ang kilos nito. | 4.00 | Mataas |
| 4. nagagamit ko ang angkop na paggamit ng mga salita sa wikang Filipino na naayon sa sitwasyon. | 4.20 | Mataas |
| 5. nakakapili ng angkop na mga salita para sa malinaw na pakikipagtalastasan. | 4.08 | Mataas |
| **KABOUAN** | **4.10** | **Mataas** |

*Talahanayan 15*
*Kabuohan ng Antas Ng Kakayahang Komunikatibo*

| Indikeytor | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| Pagpapakahulugan sa Pagkatuto ng Wika | 4.25 | Napakataas |
| Kasanayang Linggwistika | 4.10 | Mataas |
| Kakayahang sosyolingguwistiko | 4.24 | Mataas |
| kakayahang pandiskurso | 3.98 | Mataas |
| kakayahang estratehiya | 4.10 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.13** | **Mataas** |

Antas ng kasanayang komunikatibo ng mag-aaral. Sa pangkalahatan, kasanayang komunikatibo ng mga respondente, na nagdulot ng mas mahusay na pagganap sa akademiko. Ang iba't ibang uri ng kasanayang ay nagbibigay sa mag-aaral na mahasa ang kanilang kasanayang sa komunikasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Mardiah (2022), Ito ay isang pamamaraan upang magbahagi ng ating sariling kaisipan at damdamin. (Riadil, 2020), ay lubhang kailangan na bahagi ng kurikulum na nakabatay sa kakayahan ng estudyante.

(Priya & Kumar, 2020), isang makabuluhan na kasanayan sa pagkatuto ng wika na nagpapahintulot sa indibidwal na makipag-ugnayan at magpahayag ng kanilang mga kaisipan at damdamin. Adigue (2023), isang indibidwal na may hilig sa pagbasa ay may malawak na pag-iisip. (Saraos, 2021), ang malalim na kaalaman sa salita ay nagbibigay-kapangyarihan sa isang tao na maunawaan ang mga kumplikadong konsepto at abstract na ideya

Riadil (2020), kakayahan ng isang tao na kayang bumuo ng salita gamit ang wastong istraktura ng wika na ayon naman sa alintuntunin ng gramatika, kadalasan itong nakatuon sa pagbuo ng mga pangungusap upang maintidihan ang diwa ng isang pangungusap. Mouri, (2020), kiakailangan ng mataas na lebel na organisasyon, kalinawan, at lohika upang mahusay na maipahayag ang mga ideya. Tanir (2020), pagkakalantad sa isang mag-aaral sa wika ay malaking impluwensya sa kanilang kakayahang matuto nito.

**Talahanayan 16**
**Mahalagang Ugnayan Sa Pagitan Ng Interes sa Pagkatuto at Metakognitibong Kamalayan**

| Baryabol | Mean | *R-Value* | *P-Value* | *Decision @=0.05* |
|---|---|---|---|---|
| Interes sa pagkatuto | 4.36 | .603 | **<.001** | ***$H_o$ Rejected*** |
| Metakognitibong Kamalayan | 4.13 | | | |

**Ugnayan sa pagitan ng Interes sa pagkatuto at Metakognitibong Kamalayan. Ang pag-aaral ay nakahanap ng mataas, positibo, at makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng interes sa pagkatuto at metakognitibong kamalayan ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino. Ang mga mag-aaral na may mataas na interes ay mas nakakaalam kung ano ang epektibong paraan ng kanilang pag-aaral.**

(Stanton et al., 2021), iminumungkahi nito na ang mga tao ay nagtataglay ng kamalayan tungkol sa kanilang sarili o sa iba na gumagana bilang mga nagbibigay-malay na processor.

Howard (2019), ang motibasyon ang pinakamahalagang salik sa pag-unlad ng kakayahang komunikatibo.
Basith (2020), Kapag ang mag-aaral ay nagiging responsable at organisado ay nagpapakita ng kanilang respeto sa bawat guro at sa proseso ng pagkatuto.

***Talahanayan 17***
***Mahalagang Ugnayan Sa Pagitan Ng Metakognitibong Kamalayan at Kasanayang Komunikatibo***

| Baryabol | Mean | R-Value | P-Value | Decision @=0.05 |
|---|---|---|---|---|
| Metakognitibong Kamalayan | 4.17 | .633 | **<.001** | **$H_o$ Rejected** |
| Kasanayang komunikatibo | 4.13 | | | |

**Ugnayan sa pagitan ng Interes sa pagkatuto at Kasanayang komunikatibo. Ang pag-aaral ay nakahanap ng mataas, positibo, at makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng interes sa pagkatuto at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino. Ang interes at ang kakayahang komunikatibo ay mga salik na nakakatulong sa pagkamit ng mataas na pagganap sa akademiko**
Dell Hymes (1971), na nagsasaad na ang epektibong komunikasyon ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa wika, hindi lamang sa antas ng gramatika at bokabularyo, kundi pati na rin sa mga sosyal na kontekstong kung saan ginagamit ang wika.

Hedia (2022), kasanayan sa pagsasalita, na nagpapahintulot sa kanila na mahusay na makapaglikha.
Riadil (2020), Ginagamit ito bilang instrument para makipag-usap sa kanilang kapwa maari nilang magamit ang wika upang magbigay ng kanilang kaalaman at magbahagi ng kanilang sariling damdamin na nagpapatibay sa koneksyon ng bawat isa.

**Talahanayan 18**
**Domain/s Ng Interes Sa Pagkatuto Ang Maaring Makaimpluwensya Sa Kasanayang Komunikatibo Ng Mga Mag-Aaral Sa Mayoryang Filipino**

| Independent Variables | Unstandardized Coefficients | | Standardized Coefficients | P-Value | Decision @=0.05 |
|---|---|---|---|---|---|
| | Beta | Std. Error | Beta | | |
| **(Constant)** | 4.132 | 0.039 | | | |
| Behaviour | 0.405 | 0.087 | 0.513 | < .001 | **$H_o$ Rejected** |
| Motivation | 0.113 | 0.095 | 0.131 | 0.237 | **$H_o$ Rejected** |
| **Dependent Variable: Kasanayang Komunikatibo** | | | | | |

***Note*:** R= 0.616, $R^2$=0.380, F-ratio= 34.5666 P-value= .001

**Mga Domain ng Interes sa Pagkatuto na Makabuluhang Nahuhulaan ang Kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino. Ipinakikita ng pagsusuri sa regression na ang pag-uugali at motibasyon ay makabuluhang nahuhulaan ang kabutihang panlahat ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino, kung saan 61% ng kanilang motibasyon maaaring maiugnay sa kasanayang komunikatibo. Tinatanggihan nito ang null hypothesis, na nagpapatunay sa malakas na ugnayan sa pagitan ng interes sa pagkatuto at metakognitibong kamalayan.**

Sa paglinang ng interes at motibasyon ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto Rusip & Boy (2020). interes ay isang pare-parehong hilig na tumuon at panatilihin ang ilang partikular na aktibidad Taufiq et al., (2021).

Antas ng motibasyon ay mahalaga dahil ito ang nakakatulong sa bawat indibidwal na makayang lagpasan ang anumang hamon na posibling haharapin sa proseso ng kanilang pagkatuto (Howard et al. 2021). Tumutulong upang mapalakas ang kanilang kaisipan sa pagharap sa mga mahihirap na sitwasyon Hiver at Al-Hoorie (2020).

**Talahanayan 19**
**Domain/s Ng Metakognitibong Kamalayan Ang Maaring Makaimpluwensya Sa Kasanayang Komunikatibo Ng Mga Mag-Aaral Sa Mayoryang Filipino**

| Independent Variables | Unstandardized Coefficients | | Standardized Coefficients | P-Value | Decision @=0.05 |
|---|---|---|---|---|---|
| | Beta | Std. Error | Beta | | |
| **(Constant)** | 4.132 | 0.039 | | | |
| Kaalaman sa katalusan sa tiyaga at pagsisikap; | 0.239 | 0.07 | 0.334 | < .001 | **$H_o$ Rejected** |
| Regulasyon sa katalusan sa tiyaga at pagsisikap; | 0.057 | 0.074 | 0.075 | 0.44 | **$H_o$ Accepted** |
| Kaalaman sa katalusan ng kapanatilihan ng interes; at | 0.274 | 0.057 | 0.393 | < .001 | **$H_o$ Rejected** |
| Regulasyon sa katalusan ng kapanatilihan ng interes | 0.049 | 0.053 | 0.063 | 0.362 | **$H_o$ Accepted** |
| **Dependent Variable: Kasanayang Komunikatibo** | | | | | |

**Note:** R= 0.699, $R^2$=0.489, F-ratio= 26.552 P-value= < .001

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Mga Domain ng Interes sa pagkatuto na Makabuluhang Nahuhulaan ang Kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino. Ipinakikita ng pagsusuri sa regression na ang kaalaman sa katalusan sa tiyaga at pagsisikap, regulasyon sa katalusan sa tiyaga at pagsisikap, kaalaman sa katalusan ng kapanatilihan ng interes, at regulasyon sa katalusan ng kapanatilihan ng interes ay makabuluhang nahuhulaan ang kabutihang panlahat ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino, kung saan 61% ng kanilang motibasyon maaaring maiugnay sa kasanayang komunikatibo. Tinatanggihan nito ang null hypothesis, na nagpapatunay sa malakas na ugnayan sa pagitan ng interes sa pagkatuto at metakognitibong kamalayan.**

nakakatulong ito na linangin ang kanihang kakayahan sa pag-iisip upang maintidihan ang kaniyang teksto na binabasa Adigue (2023).

kaalaman kung kailan dapat gamitin ang mga bawat salita depinde sa kanilang tagapakinig, isinasaalang-alang ang mga kultural na norma Geeslin, (2021).

Kasama dito ang pag-iisip sa mga pormal at impormal na sitwasyon, pagkilala sa koneksyon sa pagitan ng tao, at pagrespeto sa mga kultura Gordon & Tannen (2023).

## CONCLUDING REMARKS

Sa konklusyon, binibigyang-diin ng mga natuklasan ng pag-aaral na ito ang mahalagang papel ang interes sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-uugali at motibasyon. Ang malakas na ugnayan sa pagitan ng mga salik na ito ay nagpapahiwatig na ang paglinang ng mga tunay na karanasan sa pagkatuto, positibong interaksyon ng mag-aaral-guro, at mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na makaramdam ng kakayahan ay maaaring lubos na mapahusay ang kanilang pangkalahatang kabutihang panlahat. Binibigyang-diin ng mga pananaw na ito ang kahalagahan ng paglikha ng mga sumusuporta at inklusibong kapaligiran sa edukasyon na nagbibigay-kapangyarihan sa mga mag-aaral na umunlad kapwa sa akademiko at personal.

## REFERENCES

1. *Alo, M. (2023, June 30). A Linguistic Skills, Sociolinguistic Abilities, And Communicative Proficiency of Senior High School Students. Https://Ijase.Org/Index.Php/Ijase/Article/View/258*
2. *Anon (2023). Ang Salitang Kakayang Komunikatibo. Coursehero.Com.*
3. *Brannon, S. M., & Gawronski, B. (2018). Cognitive Consistency in Social Cognition. Oxford Research Encyclopedia of Psychology. Https://Doi.Org/10.1093/Acrefore/9780190236557.013.314*
4. *Çini, A., Järvelä, S., Dindar, M., & Malmberg, J. (2023). How Multiple Levels Of Metacognitive Awareness Operate In Collaborative Problem Solving. Metacognition And Learning, 18(3), 891–922. Https://Doi.Org/10.1007/S11409-023-09358-7*
5. *Dhyani, R., Maikhuri, R., & Ret Academy for International Journals Of Multidisciplinary Research (Raijmr). (2018). A Study on The Metacognitive Awareness of Primary School Students [Journal-Article]. International Journal of Research in All Subjects In Multi Languages, 6(2), 56–57. Https://Www.Raijmr.Com/Ijrsml/Wp-Content/Uploads/2018/03/Ijrsml_2018_Vol06_Issue_2_Eng_12.Pdf*
6. *Datu, J. A. D., Chiu, M. M., Mateo, N. J., & Yang, L. (2024). Persisting In Tough Times Across Hong Kong, Mainland China, And the Philippines: Grit, Achievement Goal Orientation, And Science Engagement. International Journal of Stem Education, 11(1).*
7. *Guzman, C. R. S. D. R. B. (2024, April 14). Lawak Ng Bokabularyo At Antas Ng Pag-Unawa Ng Piling Pampublikong Mag-Aaral Sa Filipino. Epra Journals. Https://Eprajournals.Com/Ijmr/Article/12749*
8. *Fariha, N. Et Al., (2023). Exploring The Correlation of Sociolinguistic Competence And Speaking Proficiency, And How Learners Perceived Them. Https://Journal.Uniku.Ac.Id/Index.Php/Erjee/Article/View/9083*
9. *Habók, A., Magyar, A., & Molnár, G. (2022). Investigating The Relationship Among English Language Learning Strategies, Language Achievement, And Attitude. Frontiers In Psychology, 13. Https://Doi.Org/10.3389/Fpsyg.2022.867714*
10. *Herpratiwi, H., & Tohir, A. (2022). Learning Interest And Discipline On Learning Motivation. International Journal Of Education In Mathematics, Science And Technology, 10(2), 424–435. Https://Doi.Org/10.46328/Ijemst.2290*
11. *Kong, Y. (2021). The Role Of Experiential Learning On Students' Motivation And Classroom Engagement. Frontiers In Psychology, 12. Https://Doi.Org/10.3389/Fpsyg.2021.771272*
12. *Kihwele, J. E., & Mkomwa, J. (2022). Promoting Students' Interest And Achievement In Mathematics Through "King And Queen Of Mathematics" Initiative. Journal Of Research In Innovative Teaching & Learning, 16(1), 115–133. Https://Doi.Org/10.1108/Jrit-12-2021-0083*
13. *Indah S. (2023) Students' Interests In Learning English As A Foreign Languange Http://Jurnaltarbiyah.Uinsu.Ac.Id/Index.Php/Vision*
14. *Islam, M. S., & Roy, S. (2024). Challenges In Developing Learners' English-Speaking Skills At The Tertiary Level In The Efl Context: Teachers' And Learners' Perceptions. Research Square (Research Square). Https://Doi.Org/10.21203/Rs.3.Rs-4491944/V1*
15. *Le, X. M., & Le, T. T. (2022). Factors Affecting Students' Attitudes Towards Learning English As A Foreign Language In A Tertiary Institution Of Vietnam. International Journal Of Tesol & Education, 2(2), 168–185. Https://Doi.Org/10.54855/Ijte.22229*
16. *Montillado, C. J. M., & Lovitos, A. H. D. (2023). Metacognitive Awareness And Attitude Towards Communicative Approach Of Junior High School Students.*

*American Journal Of Multidisciplinary Research And Innovation, 2(1), 22–35. Https://Doi.Org/10.54536/Ajmri.V2i1.1192*

17. *Motevalli, S., Perveen, A., & Michael, M. T. A. (2020). Motivating Students To Learn: An Overview Of Literature In Educational Psychology. International Journal Of Academic Research In Progressive*
18. *Muslim, U., Selatan, M. S., & Nuraeni, N. (2021). Problems Encountered By Learners And How To Deal With Them In Learning English As A Foreign Language. Researchgate.Https://Www.Researchgate.Net/Publication/351804867_Problems_Encountered_By_Learners_And_How_To_Deal_With_Them_In_Learning_English_As_A_Foreign_Language*
19. *Meyers, R. (2023). English Additional Language Student Teachers' Development Of Oral Strategic Competence And Confidence During Lectures. Journal For Language Teaching, 57(2). Https://Doi.Org/10.56285/Jltvol57iss2a5755*
20. *Nurmaulia Khotmi Et., Al (2024). The Factors That Cause Low Interest In Learning In Grade 4 Students At Sdn 3 Perian Https://Ejournal.Mandalanursa.Org/Index.Php/Jime/Article/Download/6761/4880*
21. *Orge, P. M. P., Pameron, J. P. A. C., & Vcocolan, J. (2024). Challenges In Speaking English Language Among Education Students. Mediterranean Journal Of Basic And Applied Sciences, 08(03), 33–41. Https://Doi.Org/10.46382/Mjbas.2024.8304*
22. *Octaviana, D. (2021). The Importance Of Strategic Competence In Supporting Students' Speaking Performance. Https://Pdfs.Semanticscholar.Org/E805/0ba0f98eb929d4ccd8a4d9b14b710b17e703.Pdfhttp://Ejurnal.Budiutomomalang.Ac.Id/Index.Php/Journey*
23. *Peng, C. (2021). The Academic Motivation And Engagement Of Students In English As A Foreign Language Classes: Does Teacher Praise Matter? Frontiers In Psychology, 12. Https://Doi.Org/10.3389/Fpsyg.2021.778174*
24. *Rahman, S. N. A., & Razali, A. B. (2024). Adapting To Change: Facing The Challenges In Developing Esl Students' Communicative Competence Online. Pertanika Journal Of Social Science & Humanities, 32(1). Https://Doi.Org/10.47836/Pjssh.32.1.01*
25. *Riadil, I. G. (2020). Efl Students In Speaking Skill: Identifying English Education Students' Perceptions Of The Psychological Problems In Speaking. Jetal Journal Of English Teaching & Applied Linguistic, 2(1), 8–20. Https://Doi.Org/10.36655/Jetal.V2i1.266*
26. *Rahman, A. A., Setyarini, S., & Purnawarman, P. (2024). Metacognitive Awareness And Learning And Performance Goals As Key Predictors Of Writing Performance. Multidisciplinary Reviews, 7(12), 2024302. Https://Doi.Org/10.31893/Multirev.2024302*
27. *Rabiah S. (2012). Language As A Tool For Communication And Cultural Reality Disclos. Https://Osf.Io/Preprints/Inarxiv/Nw94m*
28. *Scientific Research Publishing. (N.D.). Https://Www.Scirp.Org/Journal/Paperinformation?Paperid=79690https://Www.Scirp.Org/Journal/Paperinformation?Paperid=79690https://Www.Scirp.Org/Journal/Paperinformation?Paperid=79690*
29. *Sajna. J & Premachandran. P (2016). Ej1086242 - N/A - Universal Journal Of Educational Research 4(1): 165-172, 2016 Hrpub Doi: - Studocu. Https://Www.Studocu.Com/Ph/Document/Grabsum-School-Inc/Teacher-Education/Ej1086242-Na/60940586*
30. *Snoubar, T. A. (2017). An Evaluation Of Efl Students' Attitudes Toward English Language Learning In Terms Of Several Variables. Researchgate. Https://Www.Researchgate.Net/Publication/320467751_An_Evaluation_Of_Efl_Students'_Attitudes_Toward_English_Language_Learning_In_Terms_Of_Several_Variables*
31. *Sofyan Abdi & Dina Rahmania: Journal Of Professionals In Guidance And Counseling. (N.D.). Https://Journal.Uny.Ac.Id/Index.Php/Progcouns*
32. *Sukur, S. G. (2023). Strategic Competence In Developing English Textbooks For Senior High Schools In Indonesia. Journal Of Creative Practices In Language Learning And Teaching, 11(2), 238-251. Https://10.24191/Cplt.V11i2.17091*
33. *Torres, M. N. (2018). Kakayahang Komunikatibo Susi Sa Tagumpay Sa Pananaliksik? Isang Kuwalitatibong Pag-Aaral Sa Mga Piling Mag-Aaral Sa Senior Hayskul Baitang Ika-12 Introduksyon/ Panimula.*
34. *Tukan, F. M. E. (2024). The Difficulties And Strategies Of Efl Students In Improving Their English Skills. Ijiet (International Journal Of Indonesian Education And Teaching), 8(1), 101–113. Https://Doi.Org/10.24071/Ijiet.V8i1.3375*
35. *Tuấn, V. V. (2017). Communicative Competence Of The Fourth Year Students: Basis For Proposed English Language Program. English Language Teaching, 10(7), 104. Https://Doi.Org/10.5539/Elt.V10n7p104*
36. *Tyantsi, N. H. M. & O. (2023). Discourse Competence As An Essential Variable In Developing Grade 11 English First Additional Language Learners Writing Skills. Ideas.Repec.Org. Https://Ideas.Repec.Org/A/Jfr/Wjel11/V13y2023i7p421.Html*
37. *Usman, O., & Adhellya, P. (2021). The Effect Of Learning Interest, Learning Facilities, And Learning Motivation On Learning Outcomes (Case Study Of Unj Office Administrative Education Students). Social Science Research Network. Https://Doi.Org/10.2139/Ssrn.3996666*
38. *Wang, M., Zhang, L. J., & Hamilton, R. (2023). Developing The Metacognitive Awareness Of Grit Scale For A Better Understanding Of Learners Of English As A Foreign Language. Frontiers In Psychology, 14. Https://Doi.Org/10.3389/Fpsyg.2023.1141214*
39. *Xu, J., Wang, Z., & Xie, J. (2024). The Mediating Role Of Intention Of Learning Behaviour In Learning Behaviour. Frontiers In Psychology, 15. Https://Doi.Org/10.3389/Fpsyg.2024.1228783*
40. *Yang, L., Yan, Z., Zhang, D., Boud, D., & Datu, J. A. D. (2023). Exploring The Roles Of Academic Self-Concept And Perseverance Of Effort In Self-Assessment Practices.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Assessment In Education: Principles, Policy & Practice, 30(2), 104–129. Https://Doi.Org/10.1080/0969594x.2023.2191161*

41. *Yco, E. (2019). Kabanata Ii Kaugnay Na Pag-Aaral At Literatura. Aklanstateuniversity.Https://Www.Academia.Edu/39807149/Kabanata_Ii_Kaugnay_Na_Pag_Aaral_At_Literatura*
42. *Yildiz Y. And Tutkun O. (2021). Communication Problems Affecting The Lives Of High-School 12th -Grade Students1.Https://Dergipark.Org.Tr/En/Download/Article-File/1778954*
43. *Yufrizal H. (2017) Teachers And Students' Perceptions Of Communicative Competence In English As A Foreign Language In Indonesia*